Agosto 13, 2024 Kautusang Tagapagpaganap 2024-02

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP UPANG ITATAG ANG MULTI-SECTOR PLAN FOR AGING

SAPAGKAT, ang Illinois ay gumawa ng makabuluhang mga hakbang upang matiyak na ang mga nakatatanda ay maaaring tumanda nang may dignidad at kalayaan; at,

SAPAGKAT, ang mga nakatatanda ay ang pinakamabilis na lumalagong proporsyon ng populasyon ng Estados Unidos; at,

SAPAGKAT, sa Illinois, mayroong 2.8 milyong indibidwal na higit sa 60 taong gulang at tinatayang 25 porsyento ng populasyon ng Illinois ay magiging 60 taong gulang o higit pa pagsapit ng 2030; at,

SAPAGKAT, ang mga nakatatanda ay may kontribusyon at patuloy na mag-aambag sa kalusugan at kasiglahan ng mga komunidad sa buong estado na ito; at,

SAPAGKAT, ang pagtanda ng populasyon ay nakakaapekto sa bawat rehiyon sa Illinois; at,

SAPAGKAT, ang matagal nang umiiral na sistemikong hindi pagkakapantay-pantay ang humuhubog kung paano naaabot ng mga indibidwal ang higit na pagkakaedad at ang kanilang kalidad ng pamumuhay habang sila ay tumatanda; at,

SAPAGKAT, dahil sa dumaraming bilang ng mga nakatatanda, tumataas ang pangangailangan para sa mga manggagawa sa direktang pangangalaga at mga pamilyang tagapag-alaga, na marami sa kanila ay mga nakatatanda, Itim, katutubo, mga taong di-puti, at mga indibidwal na nahihirapan sa pagbabalanse ng trabaho, pagpapalaki ng bata, at pag-aaruga sa mga nakatatanda; at,

SAPAGKAT, ang akses sa isang malawak na hanay ng mga pampubliko at pribadong programa, mga mapagkukunan, at impormal na suporta ay makabuluhang nagtataguyod ng malusog at may layuning pagtanda; at,

SAPAGKAT, ang koordinadong pagkilos sa iba't ibang sektor sa Illinois ay makakatulong upang matugunan ang mga nagbabagong pangangailangan ng mga matatandang Illinoisan at bumuo ng mga patakaran na nagtataguyod ng malusog na pagtanda at isang malusog na Illinois; at,

SAPAGKAT, ang Multi-Sector Plan for Aging ("MPA") ay isang komprehensibong blueprint na idinisenyo upang lumikha ng isang koordinadong sistema ng mga serbisyo ng mataas na kalidad na pangangalaga at suporta para sa mga nakatatanda na binuo ng isang estado batay sa mga natatangi nitong katangian, kasaysayan, at umiiral na mga inisyatiba sa pagtanda at kapansanan;

SAMAKATUWID, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, sa pamamagitan ng bisa ng ehekutibong awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V ng Saligang Batas ng Estado ng Illinois, ay iniuutos ang mga sumusunod:

1. Ang isang Interagency Task Force sa Multi-Sector Plan for Aging (“MPA Task Force”) ay itinatag.

2. Ang isang Multi-Sector Plan for Aging Community Advisory Council (“MPA Community Advisory Council”) ay itinatag.

3. Ang isang Chief Planning Officer (“Chief”) ay itinatag, na ilalagay sa Illinois Department on Aging (“IDoA”), na nag-uulat sa Direktor ng IDoA. Ang Chief ang mamumuno sa MPA Task Force at kasamang mamumuno sa MPA Community Advisory Council.

4. Ang Chief ang mangunguna sa pagbuo at pagpapatupad ng Estado ng isang MPA na may malinaw at nasusukat na mga layunin upang suportahan ang malusog na pagtanda sa mga komunidad ng Illinois.

5. Ang IDoA ang tutukoy sa isang katuwang sa pananaliksik na may kadalubhasaan sa buong estado upang magbigay ng suporta sa pananaliksik sa Chief, sa MPA Task Force, at sa MPA Community Advisory Council.

6. Ang Chief ang magsisilbing tagagawa ng patakaran at tagapagsalita sa mga isyu na may kaugnayan sa MPA, kabilang ang pagkoordina sa pagsisikap ng iba’t ibang ahensya sa pamamagitan ng pagbuo ng batas, mga tuntunin, at mga badyet.

7. Ang MPA Task Force at ang MPA Community Advisory Council, sa ilalim ng pamumuno ng Chief, ay magpupulong nang hindi bababa sa tatlong beses sa isang taon nang sama-sama o magkahiwalay, kung kinakailangan.

8. Sa pagbibigay-impormasyon ng MPA Task Force at MPA Community Advisory Council, ang Chief ay bubuo ng State of Illinois MPA, na ibibigay sa Gobernador at General Assembly pagsapit ng Disyembre 31, 2025, na may karagdagang ulat sa katayuan na ibibigay pagsapit ng Disyembre 31, 2026. Ang MPA ay magiging isang komprehensibong estratehikong plano na kinabibilangan ng mga nasusukat na resulta para sa mga taong 2026 hanggang 2036 na may layuning palakasin ang Illinois bilang isang estado na angkop sa pagtanda. Ang plano ay maaaring magrekomenda ng mga pagkilos para:
    a. Tugunan ang mga pagbabago sa demograpiko na nauugnay sa edad at ang epekto nito,
    b. Palakasin ang imprastraktura sa pangangalaga at suportahan ang mga tagapag-alaga,
    c. Pagbutihin ang kalidad, pagiging aksesibol, at pagkakaroon ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta para mas makapagbigay ng kakayahan sa mga matatandang tao na manatili sa kanilang mga tahanan at komunidad,
    d. Protektahan ang seguridad sa pananalapi at mapigilan ang pandaraya at pagsasamantala sa pananalapi,
    e. Palawakin ang akses sa teknolohiya at matugunan ang digital divide, at
    f. Isulong ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan sa konteksto ng pagtanda.

9. Ang Chief din ay:
    a. Mangunguna at makikipagtulungan sa mga bumubuo at nagpapatupad ng mga lokal na plano para paglingkuran ang mga matatandang Illinoisian,
    b. Magpupulong ng mga nakatatanda, mga stakeholder, at mga tagapagtaguyod upang ipaalam ang pagdedevelop ng MPA,
    c. Makikipag-ugnayan at matututo mula sa ibang mga estado na nakapagtatag ng mga MPA, at
    d. Magrerekomenda, magsusulong, at padadaliin ang kolaborasyon sa pagitan ng mga ahensya upang pag-isahin ang mga kaugnay na pagsisikap, kabilang ang Plano ng Estado sa Pagtanda sa pakikipagtulungan sa Illinois Council on Aging, sa Illinois Commission on LGBTQ Aging, sa Blind Services Planning Council, sa Illinois Deaf & Hard of Hearing Commission, at iba pang nauugnay na mga lupon ng Estado, komisyon, konseho, at task force.

10. Ang MPA Task Force ay kabibilangan ng mga pinuno mula sa mga ahensya ng Estado na itatalaga ng mga Direktor o Kalihim ng Ahensya, sa pagsangguni sa Chief. Kabilang dito ang isang kinatawan mula sa:
    a. Department on Aging
    b. Department of Corrections
    c. Department of Commerce and Economic Opportunity
    d. Department of Healthcare and Family Services
    e. Department of Human Rights
    f. Department of Human Services
    g. Department of Insurance
    h. Department of Labor
    i. Department of Public Health
    j. Department of Transportation
    k. Department of Veterans' Affairs
    l. Illinois Housing Development Authority
    m. Illinois Guardianship & Advocacy Commission
    n. Office to Prevent and End Homelessness
    o. Office of the State Ombudsman
    p. Sa rekomendasyon ng Chief, ang mga miyembro mula sa karagdagang mga ahensya ng Estado ay maaaring italaga upang pahusayin ang gawain ng Task Force.

11. Ang MPA Community Advisory Council ay kabibilangan ng magkakaibang stakeholders na kumakatawan sa mga layunin at populasyon na inilalarawan sa Kautusang Tagapagpaganap na ito, na itatalaga ng Gobernador.

12. Ang MPA Community Advisory Council ay magkasamang pamumunuan ng Chief at isa pang miyembro na itinalaga ng Gobernador at bubuuin ng hindi hihigit sa 25 katao; ang mga miyembro ay dapat na sumasalamin sa dibersidad sa heograpiya, lahi, kultura, at sosyo-ekonomiko ng estado. Bukod pa rito, sa rekomendasyon ng Chief, maaaring magtalaga ng mga karagdagang kinatawan upang mapahusay ang gawain ng MPA Community Advisory Council.

13. Ang MPA Task Force at ang MPA Community Advisory Council ay magsisikap na mangasiwa ayon sa pinagkasunduan; gayunpaman, hangga't ang bawat isa ay may korum, maaari nilang aprubahan ang mga hakbang at gumawa ng mga rekomendasyon batay sa isang pagsang-ayon na boto ng karamihan ng mga miyembrong naroroon.

14. Ang mga at large na miyembro ng MPA Community Advisory Council ay maglilingkod ayon sa kalooban ng Gobernador. Kung may bakante para sa anumang dahilan sa mga itinatalaga ng gobernador, ang Gobernador ay magtatalaga na ipatutupad kaagad. Hangga't patuloy silang kwalipikado para sa puwestong kanilang ginagampanan, ang mga miyembro ay patuloy na maglilingkod hanggang sa susunod na pagtatalaga, o ang muling pagtatalaga ay ginawa.

15. Ang MPA Task Force at MPA Community Advisory Council ay magwawakas sa Disyembre 31, 2025.

16. Bilang karagdagan sa anumang mga batas, patakaran, o pamamaraan na maaari nilang gamitin, ang lahat ng operasyon ng MPA Task Force at ng MPA Community Advisory Council ay sasailalim sa mga probisyon ng Illinois Freedom of Information Act (5 ILCS 140/1 *et seq*.) at ng Illinois Open Meetings Act (5 ILCS 120/1 *et seq*.). Hindi ito bibigyang kahulugan upang pigilan ang ibang mga batas na mailapat sa MPA Task Force at sa MPA Community Advisory Council at sa kani-kanilang mga aktibidad.

17. Susuportahan ng IDoA ang MPA Task Force at ang MPA Community Advisory Council. Ang karagdagang suporta ay maaaring ibigay ng Illinois Department of Human Services, ng Illinois Department of Public Health, ng natukoy na katuwang sa pananaliksik, at ng mga katuwang sa pribadong foundation ng pagkakawanggawa na may komitment sa pagsusulong ng mga layunin ng MPA.

18. Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ipakahulugan upang salungatin ang anumang batas o regulasyon ng pederal o estado. Maliban kung partikular na binanggit sa Kautusang ito, walang anuman sa Kautusang ito ang makakaapekto o makapagbabago sa mga umiiral na mga ayon-sa-batas na kapangyarihan ng anumang ahensya ng Estado o maipakahulugan bilang isang muling paghihirang o muling pagsasaayos ng anumang ahensya ng Estado.

19. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa anumang salungat na probisyon ng anumang naunang Kautusang Tagapagpaganap.

20. Kung ang anumang bahagi ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay napatunayang hindi wasto ng isang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang mga natitirang probisyon ay mananatiling ipinapatupad at may bisa. Ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ihiwalay.

21. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa kaagad sa oras na maihain ito sa Kalihim ng Estado at mananatiling may bisa hanggang sa bawiin.

_____

JB Pritzker, Gobernador

Inisyu ng Gobernador: Agosto 13, 2024
Inihain sa Kalihim ng Estado: Agosto 13, 2024